ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 5
Marso 7, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Harapin ang hinaing ng milyun-milyon sa gitna ng krisis

Walang tigil ang paglala ng panlipunan at pang-ekonomyang kalagayan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng Duterte bunga ng pabigat nitong mga patakaran. Laging bigo ang araw-araw na indibidwal na pakikibaka para mabuhay. Hinahagisan sila ni Duterte ng masisimot na mumo habang binubusog ang malalaking oligarkong nagpapakabundat.

Ang umiiral na kundisyon ay nagtutulak sa mga rebolusyonaryong pwersa na bigyang atensyon ang hiyaw ng malawak na masa para sa solusyong kagyat at pangmatagalan sa kanilang hinaing, upang tipunin ang kanilang lakas sa milyun-milyon at mabisang isulong ang kanilang mga karapatan at kagalingan.

Nanggagalaiti sa galit ang milyun-milyong Pilipino dahil sa lubhang di mabatang kalagayan ng kawalan ng trabaho, kawalan ng bahay, mababang kita, mataas na presyo, kakulangan ng batayang utilidad at serbisyong panlipunan, kakulangan sa subsidyo ng gubyerno, pagkasira ng mga imprastrukturang pampubliko, pang-aagaw ng lupa at dislokasyon sa kanayunan, at iba pang mapanalantang epekto ng mga kontra-mahirap na patakaran ng rehimeng Duterte. Patuloy na dumarami ang mga nabubuhay sa kahirapan.

Sa mga syudad at kabayanan, araw-araw na pinahihirapan ang masang anakpawis sa kawalan ng

*"Harapin..," sundan sa pahina 2*

## 16 armas, nakumpiska sa CL at ST

DALAWANG MAGKASUNOD NA aksyong militar ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bulacan at Mindoro Oriental noong Pebrero 25 at 26. Nakasamsam dito ang mga Pulang mandirigma ng 16 armas at pagkaparalisa ng isang kumpanyang mapangwasak sa kalikasan.

**Bulacan.** Matagumpay na ni-reyd ng BHB-Bulacan ang upisina at detatsment ng Seraph Security Agency (SSA) sa Barangay San Isidro, San Jose Del Monte City, Bulacan noong Pebrero 25, alas-7:14 hanggang alas-9 gabi. Nakumpiska ng BHB ang 12 mataas na kalibreng baril, dalawang pistola, mga bala at pitong Icom *radio*.

Mayroong mahigit 40 armadong gwardya at maton ang SSA

*"16 armas...," sundan sa pahina 3*

"Harapin...," mula sa pahina 1

malinis na tubig, mataas na bayarin sa kuryente, bulok na sistema ng pampublikong transportasyon at trapik, at mataas na gastos sa edukasyon, presyo ng langis at singil sa komunikasyon. Lahat nang ito ay ipinailalim sa pribatisasyon at pinatatakbo sa ngalan ng tubo. Daan-daang libong walang disenteng pabahay ang humaharap sa bantang mapapalayas sa kanilang mga barungbarong sa ngalan ng paglilinis ng kapaligiran habang itinutulak ang mapaminsalang reklamasyon para ihain sa malalaking negosyong gutom sa lupa.

Todo-todo ang pagtulak sa pagpapalit-gamit sa lupa para bigyang-daan ang konstruksyon ng mga dam, operasyon sa pagmimina, turismo at enerhiya, at mga proyektong pang-imprastruktura, pati na ang pagpapalawak ng mga plantasyon. Dagdag pa rito ang lalong liberalisasyon sa pag-aangkat ng bigas at iba pang kalakal pang-agrikultura na banta sa lokal na produksyon at kabuhayan sa kanayunan.

Nananatiling mataas ang disempleyo sa harap ng pagbulusok ng bilang ng nalilikhang bagong trabaho sa pinakamababang antas sa dalawang dekada, sanhi ng maraming taon ng bumabagsak na lokal na produktubidad. Sa araw-araw, libu-libo ang natutulak na mangibang-bansa para maging kontraktwal na mababang kita.

Malaking pasanin sa sambayanang Pilipino ang rehimeng Duterte. Pabigat na buwis ang ipinataw nito sa bayan. Nagpapakainutil, walang kakayahan at walang pakialam ito sa sigaw ng bayan para pigilan ang pagbagsak ng kalidad ng kanilang buhay.

Daan-daang bilyong pisong pondong pampubliko ang ibinubulsa ng mga bulok na upisyal sa anyo ng mga suhol, lagay at *pork barrel*, sinisipsip ng mga pinapaburang pribadong negosyo sa anyo ng mga proyekto at kontrata sa gubyerno, at winawaldas sa magastos na mga kagamitan at operasyong militar. Nagkakamal ng yaman ang mga superyaman nang oligarko. Lublob sila sa luho at karangyaan habang nalulunod sa gutom at labis na kawalan ang mayorya ng mamamayan.

Sa harap ng sumusulak na galit ng bayan, ipinatutupad ng rehimeng Duterte ang mga hakbanging tulad ng tinaguriang "universal health care," "conditional cash transfer," "reporma sa lupa," mga proyektong pabahay at iba pang programang "pangkagalingan." Pawang pakitang-tao at pantagpi ang mga ito na tumatabon at nagpapanatili lamang sa pribatisasyon, pagkaltas sa badyet panlipunan, deregulasyon, malawak na pagpapalit-gamit ng lupa at iba pang mapanalantang patakarang neoliberal.

Nais ng mga Duterte—hari ng burukratang kapitalismo—at kanyang mga alyado, na manatili sa poder at pribilehiyo. Iba't ibang gera ang sinimulan ng kanyang rehimen upang mang-upat ng panatisismong pasista at bigyan ng malawak na kapangyarihan ang militar at pulis sa kapinsalaan ng mga karapatang demokratiko. Sa despotikong paggamit ng estado poder at karahasan, sinusupil nito ang lahat ng anyo ng makatwirang oposisyon at binubusalan ang hinaing ng bayan.

Sa harap ng malubhang kundisyong panlipunan at pang-ekonomya at kawalang-habag ng rehimeng Duterte, walang ibang masusulingan ang mamamayang Pilipino kundi ang kolektibong sumigaw at igiit ang kanilang mga kahilingan. Ang dami nila'y lakas na dapat panghawakan.

Para isulong ang kanilang demokratikong pakikibaka, nananawagan ang Partido sa lahat ng aktibista na lumubog sa masa at itransporma ang galit ng bayan sa pagkilos ng masa. Dapat matamang bigyang-atensyon ang kapakanan, saloobin at hangarin ng bayan.

Dapat wala silang kapaguran sa pagkakampanya para pukawin at pakilusin ang masa sa layong harapin at lutasin ang malalaki at maliliit na suliraning araw-araw na nagpapahirap sa kanila. Regular na ilunsad ang mga asembliyang pangmasa para talakayin ang mga usa-


ANG Bayan

Tomo L Blg. 5 | Marso 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroomv2

cppinformationbureau@gmail.com


# Nilalaman


**Editoryal**: Harapin ang hinaing ng milyun-milyon sa gitna ng krisis 1

16 armas, nakumpiska sa CL at ST 1

Marso 2019, Buwan ng BHB 4

Mga deklarasyong "kontra-BHB" 4

Mga menor-de-edad, inaresto ng AFP 5

Kalagayan at paglaban ng kababaihan 6

Pinahahabang *leave* ng mga ina 7

Manila Baywatch, inilunsad 7

Protesta ng mga nars 8

Ika-100 taon ng Comintern 8

DPRK, hindi nagpabraso sa US 8



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Harapin...," mula sa pahina 2

pin at upang ihinga ng bayan ang kanilang mga pananaw. Sa kasalukuyang kampanya sa eleksyon, obligahin ang mga kandidatong humarap sa bayan at sagutin ang kanilang mga kahilingan.

Dapat gamitin ng mga aktibista ang bawat pagkakataon na magpropaganda, sa mga talakayang grupo man, o sa pamamahagi ng polyeto, o pagtatalumpati sa kalsada, mga bus, dyip o klasrum. Itransporma sa mga sentro ng aktibismong pangmasa ang mga komunidad, pabrika, iba pang lugar ng paghahanapbuhay, paaralan at iba pa.

Dapat din silang magpakahusay sa ahitasyon at pagpukaw sa bayan na kumilos upang papanagutin ang reaksyunaryong gubyerno sa ipinataw nitong pabigat na buwis, paghadlang sa umento sa sahod, labis na pangungutang, pagbenta ng patrimonya ng bansa at iba pang hakbanging kontra-mahirap sa ilalim ng mga patakarang neoliberal. Dapat ibayong itaas ang kamulatan ng bayan sa paglantad sa pagmamaniklubhod ng rehimen sa pampinansya at pangkomersyong interes ng mga imperyalista.

Dapat palakasin ang loob ng masa na igiit ang kanilang mga karapatang sosyo-ekonomiko, pati na ang mga karapatang demokratiko, sa harap ng pinasidhing pagsupil ng estado. Dapat nilang ilantad ang ugnayan ng pagtindi ng pasismo sa krisis panlipunan, at sa pagkukumahog ng naghaharing pangkating Duterte na pigilan ang mamamayan na magbangon na nakakuyom ang kamao. Dapat gawing malinaw na malinaw ang pangangailangan para sa pambansa-demokratikong pakikibaka.

Dapat tumulong silang igpawan ang pagkakawatak-watak at disorganisasyon at masigasig na itatag ang lahat ng anyo ng organisasyong masa para katawanin ang interes at kahilingan ng mamamayan. Buuin ang mga alyansang lokal at pambansa sa batayan ng kumon ng pangsektor at pang-uring interes, at pakilusin ang mamamayan sa mga demonstrasyon sa buong kabayanan, prubinsya, rehiyon at bansa.

Pabor para sa mabilis na paglaki ng Partido ang umiiral na sitwasyon. Dapat mabisang pamunuan ng mga nangungunang kadre ng Partido ang praktikal na gawain ng mga aktibista at maging huwaran sa walang kapagurang pagpopropaganda at pag-oorganisa sa masa. Dapat mahigpit silang magsagawa ng mga pag-aaral sa ideolohiya, magtasa at maglagom, at laging itaas ang antas ng gawain. Ang abanteng mga aktibistang masa ay dapat mabilis na rekrutin sa Partido. Dapat magbuo ng libu-libong bagong sangay ng Partido, at palawakin at palakasin ang mga nakatayo na.


Sa matiyagang pagpopropaganda at pag-oorganisa, at matamang pagsubaybay sa antas ng kamulatan ng masa, mahusay na mapupukaw ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang masa para isagawa nila ang papalaking mga pagkilos. Kung iisipi'y mistulang tuyong dayami ang kalagayan ng bayan, mula sa maliit na diklap, sisiklab ang malaking apoy ng paglaban ng masa.

Habang pinalalakas ang pakikibaka ng bayan para sa kanilang mga karapatang pang-ekonomya at kanilang kagalingan, dapat ding magbantay laban sa repormismo, ekonomismo, sektoralismo at iba pang tendensyang pumipigil sa pag-unlad ng rebolusyonaryong kamulatan ng mamamayan. Ang araw-araw na pakikibaka ng bayan ay dapat iugnay, sumuporta at tumulong sa pagpapalakas ng digmang bayan. AB

---

"16 armas...," mula sa pahina 1

na nagsisilbing pwersang panseguridad ng Ayala Lands at Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP). Inaagaw ng mga ito ang mahigit 700 ektaryang lupain ng mga magsasaka at katutubong Dumagat at Remontados. Ayon kay Ka Jose Del Pilar ng BHB-Bulacan, sa pamamagitan ng SSA, kundi tinatakot ay pwersahang binibili ng Ayala Lands at BSP sa napakamurang halaga ang mga sakahan at lupaing ninuno ng mga residente. Resulta nito, mahigit 200 pamilya na ang napalayas sa naturang barangay.



**Oriental Mindoro.** Pinaralisa ng BHB-Mindoro ang operasyon ng Sta. Clara Power Corporation (SCPC), isang mapanirang kumpanya sa mina at enerhiya, noong Pebrero 26, bandang alas-3 ng hapon sa Barangay Malvar, Naujan, Oriental Mindoro. Pinaralisa ng BHB ang *batching plant* ng kumpanya at 44 piraso ng mahahalagang *heavy equipment* kabilang ang isang *backhoe,* limang trak na *bigfoot*, dalawang *payloader*, isang *crusher* at isang *cement mixer*. Nakumpiska rin ng mga operatiba ang isang pistolang 9mm, isang *shotgun* at walong Icom *radio*.

Sinabi ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro, na ang naturang aksyon ay tugon sa panawagan ng mamamayan ng Mindoro para sa katarungan bunsod ng matinding pinsalang dala ng proyektong hydro ng SCPC sa Naujan at Baco sa naturang prubinsya. Noong bagyong "Nona" ng 2015, mahigit 3/4 ng populasyon ng prubinsya ang naapektuhan dulot ng tuluy-tuloy na pagtotroso pagpapasabog ng SCPC sa mga kabundukan. Nagresulta ito sa mga pagguho at pagbaha ng putik. Mahigit 10 residente ang namatay at lampas P2.5 bilyong-halaga ng produkto at kagamitan sa agrikultura ang nasira.

Habang isinasagawa ang aksyon, tinipon ng mga Pulang mandirigma ang mga manggagawa ng SCPC at pinaliwanagan tungkol sa dahilan ng pamamarusa. AB

## Marso 2019, idineklara bilang "Buwan ng BHB"

Bilang paggunita sa ika-50 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa darating na Marso 29, nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Pebrero 26 sa lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa na ideklara ang Marso 2019 bilang "Buwan ng BHB." Pagdiriwang ito sa lahat ng mga tagumpay at pagsulong ng digmang bayan sa lahat ng larangan.

Hinamon ng PKP ang mga rebolusyonaryong pwersa na itanghal ang tunay na hukbo ng sambayanan sa temang "Isulong ang digmang bayan hanggang tagumpay!" Tugon ito sa walang-habas na pasistang mga atake ng rehimeng Duterte at papalubhang kalagayan ng mamamayan.

Kasabay ng pagdiriwang, inaasahan ang mga taktikal na opensiba ng mga yunit ng hukbong bayan sa buong bansa upang ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan, kaakibat ang pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa at pagtatayo ng mga organisasyong masa hanggang sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Kaakibat din ang pagpaparusa sa pinakapusakal na mga ahente ng rehimeng Duterte.

Sa harap ng mga tangka ng rehimen na pigilan ang paglaganap ng mensahe ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, kinakailangang paigtingin ang kampanyang pang-impormasyon, pang-edukasyon at pampropaganda upang ipalaganap ang kawastuan ng paglulunsad ng armadong pakikibaka.

Hinimok ng PKP ang lahat na lumikha ng mga pahayag, mga poster at *brochure* sa rekrutment, magsulat ng mga tula, kanta at kwento, gumawa ng mga *painting* at iba pang likhang sining, at maglunsad ng mga demonstrasyon. Maksimisahin ang internet at *social media* para ipalaganap ang rebolusyonaryong tungkulin ng BHB. Pasinungalingan ang "teroristang" pagbabansag ng rehimeng US-Duterte at ipakita kung sino ang tunay na terorista.

Pagkakataon ang buong buwan ng Marso para hikayatin ang pinakamaraming masang aktibista kapwa sa kalunsuran at kanayunan na sumapi sa BHB, ulit-ulitin at ipalaganap ang panawagan: "Paglingkuran ang sambayanan! Paglingkuran ang rebolusyon!" Gayundin, gamitin ang pagdiriwang para pataasin ang kapasidad ng mga Pulang kumander at mandirigma sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon.

"Bigyang-diin natin ang pagpupunyagi at optimismo ng mamamayang Pilipino sa pagsusulong ng digmang bayan tungo sa mas matataas na antas at papalapit sa pagkamit ng ganap na tagumpay," pagtatapos ng PKP. AB

## Mga deklarasyong "kontra-BHB," pakana ng AFP

RESULTA NG PAMBABRASO at saywar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang umano'y mga pagdeklara sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang "persona non grata (taong hindi tinatanggap)." Ito ang inilantad ni Ka Rigoberto F. Sanchez ng BHB-Southern Mindanao Region kasunod ng napabalitang pagkundena umano sa BHB ng mga lokal na pamahalaan at komunidad ng Lumad sa mga rehiyong saklaw ng AFP Eastern Mindanao Command.

Ayon kay Sanchez, ang kampanyang saywar at intimidasyon na ito ay resulta ng mga "peace and development outreach program" na inilulunsad sa ilalim ng "whole-of-nation approach" ng Oplan Kapayapaan. Sunud-sunod na mga "peace-building seminar" ang ipinatatawag ng militar sa Davao City, Davao Oriental, Compostela Valley, Davao del Norte, Bukidnon at Caraga. Ginamit ng AFP ang kanilang mga paramilitar tulad ng Alamara at Bagani, upang brasuhin ang mga konsehong Lumad na dumalo sa mga nasabing seminar. Matapos nito'y binubuyo silang magmartsa dala ang mga plakard na naglalaman ng mga kontra-insurhensyang panawagan.

Sa mga "seminar" na ring ito itinutulak ng militar ang batbat-sa-katiwaliang Enhanced Comprehensive Local Integration Program na mas kilala bilang mga pekeng pagpapasurender. Sa Compostela Valley noong Pebrero 20, matapos iligal na arestuhin ng 71st IB ang tatlong magsasaka sa Sityo Binogsayan, Barangay Napnapan at iprinisinta sila bilang mga "sumurender" na BHB. Ito ay sa kabila ng mariing pahayag ng mga upisyal ng lokal na pamahalaan na ang mga inarestong sina Eddie Avila, Graciano Embalsado at Pulpy Lariwan ay pawang mga sibilyang residente ng naturang baryo.

Maliban dito, sinisiraan din ng AFP at binabansagang mga prente ng PKP ang mga ligal na organisasyon, progresibong *partylist* at mga *non-government institution* na nagtataguyod ng karapatan at kapakanan ng mga magsasaka't Lumad. Sa gayon, isinasapanganib ng AFP ang nasabing mga sibilyang institusyon at kanilang mga lider bilang target ng mga arbitraryong pag-aresto at pamamaslang. AB

# Mga menor-de-edad, iligal na inaresto ng AFP

Dalawang menor-de-edad na estudyante ang iligal na dinakip at idinetine ng mga sundalo ng 88th IB sa Sityo Sanggiapo, Barangay Sinuda, Kitaotao, Bukidnon noong Pebrero 18. Sina Loujean Antian Lumbatan, 17, estudyante sa Sinuda High School, at Ara Mystica Antian Pangcat, 10, estudyante ng Cabalansihan Elementary School ay inaresto ng mga sundalo bandang alas-11 ng umaga nang walang dahilan. Hanggang alas-11 ng gabing iyon ay itinago sila sa loob ng kampo.




Nang puntahan ng mga magulang at kaanak sa kampo, tahasang itinanggi ng mga sundalo na hawak nila ang dalawa at itinaboy ang mga naghahanap. Ayon sa salaysay ng mga biktima, nang mismong panahong iyon ay pinagbabantaan sila ng mga sundalo na huwag mag-ingay. Matapos nito, dinala ang mga biktima sa punong himpilan ng 88th IB sa Maramag kung saan ipinailalim sila sa matinding interogasyon. Hapon na ng Pebrero 19 nang pakawalan sila ng mga sundalo.

**Terorismo sa Negros**

Patuloy na binibiktima ng mga armadong pwersa ng rehimen ang mga sibilyang residente ng Negros. Dagdag sa mga paglabag ng mga sundalo at pulis ang mga kaso ng intimidasyon, panunugog at iligal na pag-aresto. Pangunahing mga salarin ang mga sundalo ng 94th IB at tauhan ng Philippine National Police (PNP) Regional Office 7.

**Intimidasyon.** Hinarang ng mga elemento ng 94th IB noong Marso 9 ang mahigit 400 delegado ng isang *humanitarian mission* na naglalayong alamin ang kalagayan ng mga komunidad na kasalukuyang inookupa at pinaghahasikan ng teror ng mga armadong pwersa ng estado sa Guihulngan City, Negros Oriental. Binuo ang delegasyon ng iba't ibang organisasyon at pormasyong nais makiisa sa mga biktima ng mga pasista at mga mala-"Tokhang" na atake ng mga tropa ng 94th IB at ng PNP sa mga residente ng Guihulngan sa tabing ng Synchronized Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO) o Oplan Sauron.

Ang pinakahuling naiulat na kaso ng atake ng 94th IB ay ang pagsunog sa bahay ni Tisoy Pasinabo sa Sityo Panagtugas, Barangay Trinidad sa naturang lungsod noong Pebrero 24, dakong alas-3 ng madaling araw. Kabilang ang mag-anak ni Pasinabo sa 87 residente na natulak na magbakwit noong Enero 28 dahil sa walang habas na panggigipit sa kanila ng mga sundalo.

Pansamantalang tumutuloy sa San Carlos City, Negros Occidental ang mga bakwit. Nakitaan ng mga duktor ang mga biktima ng mga palatandaan ng troma dahil sa takot at pangambang idinulot ng nagpapatuloy na operasyong militar sa kanilang mga komunidad. Sa isang panayam, ikinwento ng isang matandang babaeng residente ng Sityo Kasingan na hindi siya makatulog mula nang dumating ang mga sundalo.

**Militarisasyon.** Iniulat ng mga residente na noong Pebrero 21-24, umabot sa 110 sundalo at pulis ang umokupa sa mga sityo ng Tabalogo at Malatanglad sa Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental. Nagdulot ng takot sa mga residente ang pagbabahay-bahay na mga sundalo at pag-iimbestiga.

**Iligal na pag-aresto.** Noong Pebrero 22, alas-2 ng madaling araw, iligal na inaresto ng pinagsanib na mga tropa ng 94th IB, PNP-Criminal Investigation and Detection Group at Special Action Force, sa pangunguna ni PS/Insp. Ruben E. Verbo Jr., ang limang sibilyan sa Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental. Kinilala ang mga biktima na sina Guillermo Casipong Sr., 62, mga anak niyang sina Jerome at Guillermo Jr., Emilio Mahinay, Francing Maribong. Habang iniimbestigahan, tinutukan ng mga sundalo ng baril sa ulo at pinagbantaang papatayin si Mahinay. Kasalukuyang nakadetine ang mga biktima sa Canlaon City Police Station. Sa Mabinay, iligal ding inaresto noong Pebrero 15 ang lider magsasakang si Nimrod Balansag ng KAUGMAON-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Ang mga inaresto ay pawang sinampahan ng gawa-gawang mga kasong *illegal possession of firearms*.

Sa pahayag ng KMP noong Marso 3, kinundena nito ang pag-arangkada ng mga pasistang atake laban sa mga magsasaka sa prubinsya na isinasagawa sa ilalim ng Memorandum Order 32 ng rehimeng US-Duterte na pormal na nagpailalim sa buong Isla ng Negros sa walang taning na paghaharing militar. Nanawagan ito ng independyenteng imbestigasyon hinggil sa paggamit ng AFP at PNP sa Oplan Sauron bilang kasangkapan sa paglabag ng karapatang-tao.

Samantala, mariing kinundena ng mga progresibong organisasyon, tagapagtanggol sa karapatang-tao, akademiko, abugado, mamamahayag at taong-simbahan sa Cagayan de Oro ang malisyosong pag-uugnay ng AFP sa kanilang mga kasama sa Bagong Hukbong Bayan at Partido Komunista ng Pilipinas. Ang naturang listahan ay inilabas ng 4th ID noong Pebrero. AB

# Aping kalagayan at paglaban ng kababaihang Pilipino

Sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, hindi lamang dumaranas ng pagsasamantala ang kababaihang Pilipino bilang mga manggagawa o magsasaka, dumaranas pa sila ng higit na pang-aapi dulot ng diskriminasyon sa kasarian at sobinismo ng kalalakihan.

Kumpara sa lalaki, mas mababa ang sahod at mas mapang-api ang kalagayan ng mga babaeng manggagawa. Kasabay nito, tinatali sila ng kulturang patriyarkal na nagtatakda ng "papel" nila sa lipunan, bilang tagapangasiwa ng tahanan, taga-asikaso ng asawa, tagapag-alaga ng anak o nakababatang kapatid, matatandang magulang at iba pang kamag-anak.

Higit pang pagdurusa ang dinaranas ng kababaihan sa pagpapatupad ng rehimeng US-Duterte sa pinakamasasahol na mga patakarang neoliberal. Mas humaba ang oras ng kanilang pagtrabaho para makaagapay sa pagtaas ng presyo ng transportasyon, pagkain at iba pang batayang pangangailangan. Lalo silang nalulubog sa utang para makaagapay sa nagtataasang singil sa mga serbisyo. Iniinda nila ang kawalan ng disenteng mga trabaho at nakabubuhay na sahod dulot ng kawalan ng tunay na industriyalisasyon at reporma sa lupa.

Sa harap nito, lalong nagiging makatarungan ang paglaban ng kababaihang manggagawa at magsasaka para sa kanilang mga karapatan at kagalingan, gayundin para sa kapakanan ng kanilang mga pamilya. Krusyal na mapakilos ang kanilang sektor para wakasan ang kasalukuyang sistema, pangunahin sa pamamagitan ng armadong rebolusyon.

**Kalagayan ng kababaihang Pilipino**

Halos pantay ang bilang ng mga kalalakihan at kababaihan sa lipunang Pilipino. Gayunman, mas mababa ang tantos ng kanilang partipasyon (49% kumpara sa 77% ng kalalakihan) sa pwersa ng paggawa, kapwa sa kalunsuran at kanayunan.

Mababa ang kanilang sahod at mahaba ang kanilang oras ng paggawa. Mahigit 1.2 milyong kababaihan ang nagtatrabaho sa pagtitingi. Tumatanggap sila ng sahod na wala pa sa kalahati ng nakabubuhay na sahod habang pinagtatrabaho nang hanggang 52 oras kada linggo nang walang bayad sa obertaym. May 1.8 milyon nagtatrabaho bilang mga kasambahay, tagalaba at iba pa. Araw-araw ay nakalaan sila 24 oras sa pagsisilbi sa kanilang amo.

Sa mga engklabo ng paggawang dominado ng mga dayuhang kumpanya, 65-75% ng mga manggagawa ay kababaihan. Karamihan ay kontraktwal, hindi napabibilang sa mga unyon at gayo'y walang mga benepisyo tulad ng *maternity leave.* Talamak ang diskriminasyon at pang-aabuso sa kababaihan dahil malayang nakagagawa ng masasahol pang mga patakaran ang naturang mga kumpanya nang walang regulasyon ng estado.

Sa kanayunan, pasan ng kababaihang magsasaka ang lumalala pang kawalan ng sariling lupa dulot ng malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit sa lupa para sa mga kumpanya sa pagmimina at plantasyon. Iniinda nila ang tuluy-tuloy na pagpatay sa sektor ng agrikultura dulot ng walang rendang importasyon ng mga produktong agrikultural. Dagdag ito sa dati na nilang kahirapan dulot ng matataas ng upa sa lupa, mababang presyo ng kanilang produkto, usura at iba pa.

Halos kalahati ng mga Pilipinong lumalabas sa bansa ay kababaihan. Malaking bilang sa kanila ang nailalagay sa manwal, marurumi at mapanganib na trabaho kung saan wala o halos wala silang mga karapatan. Wala rin silang proteksyon laban sa pisikal at sekswal na abuso at pagsasamantala.

**Pagpapakilos para sa rebolusyon**

Mula't sapul, batid ng pambansa-demokratikong kilusan na dahil kalahati ng sambayanan ay kababaihan, nakasalalay nang malaki ang tagumpay nito sa pagpapakilos sa mga babae sa lahat ng larangan ng paglaban. Kinikilala ang katotohananang mas malaki ang dinaranas



na paghihirap ng kababaihan kaysa sa kalalakihan. Dagdag sa dinaranas nilang pagsasamantala, pang-aapi at panunupil, dumaranas rin sila ng ng sobinismo ng kalalakihan at diskriminasyon sa kasarian.

Sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan, kinikilala at napagtutuunan ng pansin ang mga isyu ng kababaihan. Sa maagang yugto ay itinatag ang Makibaka (Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan), na magiging isa sa mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines. Sa unang pagkakataon, nagkaroon ng organisasyon ang kababaihan na malinaw na naglalahad ng pang-aapi sa sektor at ang pangangailangan para sa isang mapagpalayang kilusan ng kababaihan sa pamamagitan ng paglahok sa isang pambansa-demokratikong kilusan.

Gayundin, nakapaloob sa programa ng Partido, kapwa sa una at ikalawang Kongreso nito, ang pagtiyak na ginagalang ang mga karapatan at kagalingan ng kababaihan habang nagrerebolusyon at sa bubuuing sosyalistang lipunan. Saklaw nito ang pakikipagrelasyon, kasal at diborsyo, kung saan tinitiyak na napapangalagaan ang kanilang kapakanan. Tinitiyak kapwa sa Partido at BHB na mayroong pantay na mga karapatan at oportunidad ang mga babae at lalaki sa loob ng organisasyon.

Malaon nang nakalatag ang mga hakbang na ito para pabweluhin ang partisipasyon ng kababaihan sa rebolusyon. Nasa katayuan ngayon para lalong paramihin ang kanilang bilang at palargahin ang kanilang kakayahan sa lahat ng larangan ng pagkilos. Hinihikayat ang kanilang partisipasyon sa lahat ng larangan ng gawain--sa ekonomya, pulitika, kultura, sa pamumuno ng organisasyon at gawaing militar--para hindi sila makulong sa tinaguriang gawaing babae, tulad ng mga gawaing bahay, pagluluto at paglalaba at iba pa.

Batid ng rebolusyonaryong kilusan na sa pakikibaka ng kababaihan magaganap ang kanilang sariling paglaya. Dapat silang himukin at tulungang lumaban sa diskriminasyon sa kasarian at sobinismong-lalaki; kasabay sa paglaban sa pagsasamantala at pang-aaping imperyalista, pyudal at burukrata-kapitalista. Dapat ding himukin at tulungan ng kababaihan ang kalalakihan na iwaksi ang mga labi ng sobinismo na lumilitaw pa rin maging sa loob ng progresibo at rebolusyonaryong kilusan.

Sa hanay ng intelihensya, dapat iwaksi ang ilusyon na magkapantay na ang kababaihan at kalalakihan dahil nakatutuntong na ang mga babae sa kolehiyo, nagiging mga propesyunal o di kaya'y umaakyat ng ranggo sa mga korporasyon o burukrasyang sibil. Dapat bakahin ang konsepto ng "women empowerment" na pinalalaganap ng mga imperyalista at naghaharing uri na nangangahulugan lamang ng paglamon sa kababaihan sa reaksyunaryong burukrasya o mapandambong na mga korporasyon. AB

## Pinahahabang *leave* ng mga bagong ina, naisabatas

NAISABATAS NA ANG *expanded maternity leave* (pinahahabang bakasyon ng mga bagong ina mula sa kanilang trabaho) matapos itong aprubahan ni Rodrigo Duterte noong Pebrero 22.

Halos isang dekada na itong iginigiit at ikinakampanya ng Gabriela Women's Partylist (GWP) kasama ang iba pang mga progresibong grupo at personahe. Sa ilalim ng batas, maaari nang lumiban sa trabaho ang isang bagong ina nang hanggang 105 araw habang tumatanggap pa rin ng sahod o sweldo. May opsyon pa ang ina na palawigin ang kanyang *leave* nang isang buwan pero wala nang sweldo. Sa kasalukuyan, nasa 60 araw lamang ang bayad na leave ng isang bagong-panganak.

"Produkto ito ng aming masigasig na kampanya...kasama ang iba't ibang grupo, bilang pagkilala sa ambag ng mga kababaihan sa ating ekonomya," pahayag ng GWP. "Ito ay isang mahalagang pag-unlad sa pagtitiyak sa karapatan ng mga kababaihan sa *maternal health* (kalusugan ng mga ina) at sa pagtatanggol sa seguridad sa trabaho ng mga manggagawang buntis" dagdag pa ng GWP.

Gayunpaman, nagbabala ang Gabriela na hindi dapat magresulta sa diskriminasyon sa mga babaeng manggagawa ang naturang batas. Nasa 2% lamang ng mga kababaihang manggagawa ang nagbubuntis. Dagdag dito, kalakhan ng mga babaeng manggagawa ay kontraktwal at hindi tumatamasa ng kahit pinakabatayang mga benepisyo.

Sa sektor ng serbisyo at maraming pagawaan sa mga *export processing zone*, hindi iniempleyo ang isang buntis o kahit ang babaeng may-asawa dahil sa posibilidad ng pagbubuntis. Kapag nabubuntis, hindi na lamang sila muling iniempleyo.

## Manila Baywatch, inilunsad

NAGTIPON NOONG PEBRERO 22 sa simbahan ng Malate, Maynila ang may 200 kasapi ng mga organisasyon ng mga mangingisda, maralitang lungsod, kababaihan, relihiyoso at maka-kalikasan upang ilunsad ang alyansang Manila Baywatch na magbabantay sa pag-usad ng umano'y rehabilitasyon at proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Ayon sa grupo, kung seryoso ang rehimen sa rehabilitasyon, dapat nakatuon ito sa pagpapatayo ng mga pabahay na maaaring ilagay sa tabing dagat at mga kanal at hindi pagpapalayas sa mga residente. Dapat muling buhayin ang Manila Bay na nakaayon sa pangangailangan ng mga mangingisda at hindi para sa mapangwasak na reklamasyon.

Isa sa makikinabang sa proyektong reklamasyon ang emabahada ng US na nakatakdang magdagdag ng mga gusali.

## Mga nars, lumaban sa di makataong kalagayan sa paggawa

WELGA ANG BANTA ng mga nars at manggagawang pangkalusugan sa University of Santo Tomas Hospital (USTH) sa Manila City laban sa di-makataong kalagayan sa paggawa sa loob ng ospital.

Daing ng mga nars, dahil kulang sa empleyado ang ospital ay napipilitan silang gumugol ng mas mahabang oras sa paggawa. Dahil dito ay apektado ang kalidad ng kanilang serbisyo. Anila, mayorya sa kanila ay nagtatrabaho ng hanggang 12 oras kada araw.

Sa kasalukuyan may 965 na empleyado ang ospital kung saan 579 ay myembro ng unyon. Noong Pebrero 11, mayorya ng mga kasapi ng unyon ay bumoto pabor sa welga. Naghain sila ng *notice of strike* sa Department of Labor and Employment (DOLE) matapos bigong magkasundo ang unyon at administrasyon.

Inihayag din ng unyon na nagpapatupad ng kontraktwalisasyon ang USTH. Pinagbabayad din ang mga katatanggap pa lamang na empleyado ng *training fee* na nagkakahalaga ng P5,000-P7,000.

Samantala, isang *prayer vigil* naman ang idinaos ng mga manggagawa ng Organization of Zagu Workers (ORGANIZA) noong Pebrero 19 sa harap ng upisina ng Zagu Food Corporation upang tutulan ang pangwawasak nito sa kanilang unyon at kontra-manggagawang mga patakaran ng kumpanya. Kamakailan ay naghain ng *notice of strike* ang ORGANIZA sa National Conciliation and Mediation Board.

Sa Baguio City, nalantad ang malaking kakulangan ng mga inspektor ng DOLE para tiyakin na tumutupad ang mga kumpanya sa pagtiyak ng kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa. Sa may 20,000 negosyo sa syudad, mayroon lamang 16 na mga labor inspektor, na siya ring nakatalaga sa buong rehiyon. Sa buong bansa, 800 na inspektor lamang ang mayroon para sa mahigit 900,000 negosyo.

## Ika-100 taong anibersaryo ng Comintern, ginunita

GINUNITA NG PANDAIGDIGANG uring proletaryado ang ika-100 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Third International o Communist International (Comintern) ng Unang Kongreso nito sa Moscow noong Marso 2-6, 1919. Ang Comintern ay resulta ng matagumpay na Dakilang Proletaryong Rebolusyong Oktubre na nagtatag ng diktadura ng proletaryo sa Russia at nagbukas ng pitong dekadang matatagumpay na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa sangkatlo ng buong daigdig. Matagumpay na itinaguyod ng Comintern ang pagsusulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon at ang pagtulong sa pagtatatag ng mga Partido Komunista sa iba't ibang dako ng daigdig. Nagkaroon ito ng masaklaw na rebolusyonaryong impluwensya at mga bunga hanggang sa pormal na pagbuwag nito noong 1943.

Noong Marso 1, naglabas si Jose Maria Sison, pangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng isang artikulo kung saan binaybay ang makasaysayang papel ng Comintern sa pagtulong sa pagpapatatag ng Communist Party of the Philippine Islands (CPPI), ang lumang Partido Komunista ng Pilipinas, mula nang itatag ito noong 1930. Mababasa sa *website* ng PKP sa *www.philippinerevolution.info* ang buong artikulo.

## DPRK, hindi nagpabraso sa US

WALANG NAABOT NA kasunduan o pinag-isang pahayag ang muling pakikipagkita ng pinuno ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK o North Korea) na si Kim Jong Un sa presidente ng US na si Donald Trump noong huling linggo ng Pebrero sa Vietnam. Layunin ng naturang pagpupulong na muling pag-usapan ang denukleyarisasyon ng DPRK, isang kaisahang naabot sa unang pagpupulong noong nakaraang taon sa Singapore. Una na itong napagkasunduan ng DPRK at Republic of Korea (mas kilala bilang South Korea) bilang inisyal na hakbang tungo sa reunipikasyon ng dalawang Korea. Hindi pumayag ang DPRK na agad simulan ang pagwasak ng mga pasilidad nukleyar nito nang hindi iniaatras ng US ang ipinataw nitong *economic sanction* sa bansa. Ang *sanction* na ito ay nagbabawal sa maraming bansa na makipagkalakalan sa DPRK. Dahil dito, limitado ang komersyo ng DPRK, at napipilitan itong umasa sa pakikipagkalakalan sa China at iba pang independyenteng mga bansa.

Malinaw na hindi bibitiwan ng DPRK ang kakayahan nitong gumawa at gumamit ng armas-nukleyar nang walang makabuluhang konsesyon mula sa US. Ang nukleyar na arsenal nito ay isa sa pinakamakapangyarihang armas laban sa direktang agresyon at interbensyon ng US, gayundin sa agresyon nito gamit ang South Korea na dati nang pinwestuhan ng US ng mga tropa at sarili nitong armas nukleyar. Kabilang sa mga iginigiit ng DPRK sa US ang pagkakaroon ng tratadong pangkapayapaan sa pagitan ng North at South Korea, kagyat na pagluluwag sa *economic sanction*, pagtatapos sa mga *war game* sa hangganan at karagatan nito at pagbabawas ng mga tropa ng US sa South Korea. Sa ngayon, mayroong 28,500 tropa ang US sa hangganan ng DPRK at South Korea.

Mula sa unang pagpupulong, sinuspinde na ng DPRK ang *missile* at *nuclear testing* nito. Samantala, ang isinagawa pa lamang ng US ay ang pansamantalang pagsuspinde sa malakihang mga *war game* sa pagitan nito at hukbo ng South Korea. Patuloy ding na nakapusisyon sa karagatan at mga base nito sa Asia ang sarili nitong mga pwersang nukleyar (submarino, barko at eroplano) na handa nitong gamitin laban sa DPRK.